

## **Mga Proteksiyon sa Consumer sa Panahon ng Emergency sa California para sa Serbisyo sa Telepono ng Suddenlink**

Kung sakaling mayroong Kalagayan ng Emergency (State of Emergency) na idineklara ng Gobernador ng California o ng Presidente ng Estados Unidos sa iyong lugar, at ang emergency na pangyayari ay nagdulot ng pagkagambala o pagkakaroon ng hindi magandang serbisyo, ang mga Suddenlink na customer ng telepono na nasa mga naapektuhang lugar ay may karapatang makatanggap ng mga sumusunod na proteksiyon sa panahon ng emergency alinsunod sa California Public Utilities Commission Decision 19-08-025:

1. Ang pagpaubaya (waiver) ng isang beses na activation fee para magkaroon ng remote call forwarding, remote access sa call forwarding, mga bagay na nagagawa na kaugnay ng call forwarding at mga messaging service
2. Ang pagpaubaya ng buwanang singil para sa isang buwan ng remote call forwarding, remote access sa call forwarding, call forwarding, mga bagay na nagagawa na kaugnay ng call forwarding, at mga messaging service
3. Ang pagpaubaya ng service charge para sa pagpapakabit ng serbisyo sa isang pansamantala o bagong permanenteng lokasyon ng customer at muli kapag bumalik sa dating lugar ang customer
4. Ang pagpaubaya ng singil para sa isang jack at pagkakaroon ng kaugnay na kawad (wiring) sa pansamantalang lokasyon at hindi mahalaga kung mayroon mang Inside Wire Plan ang customer o wala
5. Ang pagpaubaya ng singil nang hanggang sa limang lib्रेng jack at pagkakaroon ng kaugnay na kawad para sa customer ng Inside Wiring Plan sa panahon ng kanilang pagbalik sa kanilang permanenteng lokasyon
6. Ang pagpaubaya ng singil para sa isang jack at pagkakaroon ng kaugnay na kawad para sa mga customer na walang Plan sa panahon ng kanilang pagbalik sa kanilang permanenteng lokasyon